



PATNUBAY SA MISA



1 Hunyo 2014

Dakilang Kapistahan ng Pag-akyat sa Langit ng Panginoon

Taong A

LINGGO NG KOMUNIKASYONG PANDAIGDIG

ANG LUWALHATI AT ANG MISYON

Ngayo'y ginugunita natin ang Pag-akyat ng Panginoon sa langit at ang pagsisimula ng misyon ng Simbahan para sa pagtatatag ng **KABIHASNAN NG PAGMAMAHAL** sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng **EBANGHELYO NG BUHAY**. Sa pagdiriwang din natin ngayon ng ika-48 Linggo ng Komunikasyong Pandaigdig, pinasasalamatan natin ang Panginoon sa kadakilaan ng komunikasyong panlipunan at idinadalangin ang lahat ng kalahok sa apostoladong pangkomunikasyon.

Di natin dapat limuting tanging ang mensahe ng pag-ibig ni Kristo at ng kanyang Espiritu ang tunay na makapagbubuklod sa mga tao sa pamamagitan ng paggalang sa isa't isa, pagkakaisa, at kapasiyahan sa pagtataguyod ng katarungan at kapayapaan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Taga-Galileang tanan, ang inyong pinagmamasdang umakyat sa kalangitan ay magbabalik din naman. Aleluya, s'yay awitan!

Pagbati

P–Pagpalain si Hesus na naluluklok sa kaluwalhatian sa kanan ng Diyos Ama! Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!
B–**At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P–Pinagkalooban tayo ng Panginoon ng mga dakilang uri't paraan ng komunikasyon para sa ikalalapat natin sa Kanya at sa isa't isa. Sa pagpapasalamat sa mga ito, alamin natin kung ginagamit natin ang mga ito ayon sa Kanyang kalooban at plano. *(Manahimik saglit.)*

P–Ipinagkaloob mo sa amin ang mga komunikasyong panlipunan para magkaroon

ng pagkakaisa't pagkalinga. Patawarin mo kami sa paggamit nito sa pagpapairal ng mga hidwaan at karahasan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–**Panginoon, kaawaan mo kami!**

P–Ipinagkaloob mo sa amin ang mga komunikasyong panlipunan para sa pagpapalaganap ng mabuting balita ng kaligtasan ng sangkatauhan. Patawarin mo kami sa paggamit nito sa pagpapalaganap ng masamang balita ng mga katiwalian. Kristo, kaawaan mo kami!

B–**Kristo, kaawaan mo kami!**

P–Ipinagkaloob mo sa amin ang mga komunikasyong panlipunan para itaguyod ang katarungan at pagmamahal sa katotohanan. Patawarin mo kami sa paggamit dito bilang daluyan ng kasinungalingan at kasangkapan sa pang-aapi. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–**Panginoon, kaawaan mo kami!**

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–**Amen!**

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangiang Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, gawin mong kami ay magka-

roon ng banal na kagalakan at makapagdiwang nang may utang na loob sapagkat ang iyong Anak na aming Manunubos ay siyang tagapaghanda ng aming pananahanan na kanyang pinanggalingan upang kami'y panguluhan at kanyang tinunguhan upang maging pag-asa kailanman ng sambayanan niyang kanya ring katawan bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Gw 1:1-11*
Nagsisimula ang Aklat ng mga Gawa sa pinagtatapusan ng mga Ebanghelyo nina Marcos at Lucas: sa pag-akyat ni Hesus sa langit. Iniwanan niya ang kanyang mga disipulo ng pangakong pagdating ng Banal na Espiritu at ng misyong maging saksi niya sa sanlibutan.

L – Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Mahal na Teofilo: Isinalaysay ko sa aking unang aklat ang lahat ng ginawa at itinuro ni Hesus buhat sa pasimula hanggang sa araw na siya'y umakyat sa langit. Bago siya umakyat, tinagubilinan niya, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang mga apostol na kanyang hinirang. Pagkatapos ng kanyang pagbabata, maraming ulit siyang napakita sa kanila. Sa gayon, napatunayang siya'y buhay. Napakita siya sa kanila sa loob ng apatnapung araw at nagturo tungkol sa paghahari ng Diyos.

At samantalang siya'y kasama-sama pa nila, kanyang tinagubilinan sila: “Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo. Nagbinyag nga sa tubig si Juan, ngunit di na magtatagal at bibinyagan kayo sa Espiritu Santo.”

Kaya't nang magkasama-sama si Hesus at ang mga alagad, nagtanong ang mga ito, “Panginoon, itatatag na ba ninyong muli ang kaharian ng Israel?” Sumagot siya, “Ang mga panahon at sandali ay itinakda ng Ama sa kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon. Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng

Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig.”

Pagkasabi nito, siya'y iniakyat sa langit samantalang nakatingin sila sa kanya; at natakpan siya ng ulap.

Habang sila'y nakatitig sa langit, dalawang lalaking nakaputi ang biglang tumayo sa tabi nila. “Mga taga-Galilea,” sabi nila, “bakit kayo narito't nakatingala sa langit? Itong si Hesus na umakyat sa langit ay magbabalik tulad ng nakita ninyong pag-akyat niya.”

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 46*
B – Habang umaakyat ang D'yos, ang tambuli'y tumutunog!

R. M. Velez



Ha-bang u--maakyat ang D'yos,



ang tambu--li'y tumu--tu---nog!

* Magdiwang ang lahat ng mga nilikha, pumalapak kayong may awit at tuwa! Bilang pagpupuri sa Diyos na Dakila! Ang Diyos na Poon, Kataas-taasan, ay dakilang haring dapat katakutan. Siya'y naghahari sa sangkatauhan. **B.**

* Umakyat sa trono ang Panginoong Diyos, hatid ng tambuling malakas ang tunog; masayang sigawan ang ipinansuob. Purihin ang Diyos, siya ay awitan, awitan ang hari, siya'y papurihan! **B.**

* Ang Diyos, siyang hari ng lahat ng bansa, awita't purihin ng mga nilikha! Maghahari siya sa lahat ng bansa, magmula sa tronong banal at dakila. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Ef 1:17-23*
Ang pagtatampok kay Hesuskristo sa kanan ng Ama ay tuwinang bukal ng inspirasyon at pag-asa para sa lahat ng mga henerasyong Kristiyano. Iyan ang mensahe ng ganitong magandang panalangin ni San Pablo.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid:

Hinihiling ko sa Diyos ng ating Panginoong Hesuskristo, ang dakilang Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakilala sa kanya. Nawa'y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa kanyang pagkatawag sa atin. Ito'y ang kaluwalhatian inilaan niya sa kanyang mga hinirang, at ang walang hanggang kapangyarihan niya sa atin na mga nananalig sa kanya.

Ang kapangyarihan ding iyon ang muling bumuhay kay Kristo at nagluklok sa kanya sa kalangitan, sa kanan ng Diyos. Kaya't nasa ilalim ng kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan. Higit ang kanyang pangalan kaysa lahat ng pangalan, hindi lamang sa panahong ito kundi pati sa darating. Ipinailalim ng Diyos sa kapangyarihan ni Kristo ang lahat ng bagay, at siya ang ginawang ulo ng Simbahan. Ito ang katawan ni Kristo, ang kapuspusan niya na pumupuspos sa lahat-lahat.

Ang Salita ng Diyos!
B – Salamat sa Diyos!

Aleluya *Mt 28:19a.20b*

B – Aleluya! Aleluya!
Humayo't magturo kayo palaging kasama ako hanggang sa wakas ng mundo.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mt 28:16-20*
Ang tagubilin ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng bansa ay isa sa mga pinakamahalagang aspeto ng misyon ng Simbahan. May 2,000 taon na ngayon ang Simbahan sa pagsisikap sa ganitong misyon at patuloy na nananalig sa pamamatnubay ng Panginoon at Tagapagligtas na si Hesuskristo.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, ang Labing-isang alagad ay nagpunta sa Galilea, sa bundok na itinuro sa kanila ni Hesus. Nang makita nila si Hesus, siya'y sinamba nila, bagama't may ilang nag-alinlangan.

Lumapit si Hesus at sinabi sa kanila, “Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ko ang lahat

ng bansa. Binyagan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-utos ko sa inyo.

Tandaan ninyo: ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Ipinaaalaala sa atin ng pagakyat ng Panginoon di lamang ang kanyang kaluwalhatian sa langit, kundi rin ang ating tungkuling maging tagapagpahayag ng kanyang Mabuting Balita sa ating lipunan. Batid ang ating mga kahinaan, manalangin tayo sa Panginoon:

B—Panginoon, tulungan mo kaming magmahal!

* Para sa buong Simbahan: Maihatid niya nawa ang ilaw ng Ebanghelyo sa lahat ng bansa at kultura sa pamamagitan ng malikhaing paggamit ng mga

komunikasyong panlipunan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, mga Obispo, at lahat ng ating mga pinunong espirituwal: Magpatuloy nawa silang maging mabuting halimbawa sa pagtataguyod ng kabihasan ng pagmamahal at buhay. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng nahuhumaling sa kamunduhan at nakalilimot sa makalangit na pagpapahalaga: Nawa maganyak sila ng ating mabuting halimbawa upang maitaas nila ang kanilang mithiin. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng umabot na sa sukduhan ng pagkapariwara: Nawa magbalik-loob na sila at magpunyagi sa paggawa ng mabuti. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng may kinalaman sa mga komunikasyong panlipunan: Lagi nawa nilang alalahanin ang dakila nilang pananagutang magtampok ng mga tunay na pagpapahalaga at magpairal ng pagkakabuklod ng lahat ng tao. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga naglilingkod sa "media": Mabisa nawa silang makatulong sa pagkakaisa at pagkalinga ng ating bayan. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating pansariling mga kahilingan. (*Tumigil sandali.*) Manalangin tayo! **B.**

P—Panginoong Diyos, patuloy Mong pagpalain ang mga pag-sisikap ng Iyong Simbahan na ihatid ang Iyong Mabuting Balita sa mga bansa sa pamamagitan ng mga komunikasyong panlipunan. Malasap nawa namin ang mga bunga ng Kahariang itinatag ng Iyong Anak na si Hesus na nabubuhay at naghaharing kasama Mo at ng Banal na Espiritu, iisang Diyos magpakailanman.

B—Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakina-

bangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, pakundangan sa pag-akyat ng Anak mong mahal ginaganap namin ang paghahain nang may kapakumba-baan at ipagkaloob mong sa ganitong pagpapalitan ng mga kaloob mo at ng aming mga alay kami ay makasalo sa pagkabuhay at pag-akyat sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo ng Pag-akyat sa Langit I

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kasamaa't kamatayan matapos na lupigin ng Anak mong si Hesus na Panginoon namin, siya ngayo'y umakyat sa iyong piling bilang Haring dakilang sinasamba ng mga anghel. Siya ang aming tagapamagitan nakikiusap sa iyo para sa tanan. Siya ang tagapasya sa lupa't kalangitan. Hindi niya iwinaksi ang aba naming pagkatalos sa pagluklok sa kanan mo. Sapagkat kami ang katawan at siya ang ulo, ang pag-akyat niya'y katiyakang sasapit kami sa iyo.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbununi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Palaging kasama ako, palaging kapiling ninyo hanggang sa wakas ng mundo, ang sabi ni Hesuskristo. Aleluya, awit sa'yo!

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, pinagkakalooban mo kami ng pagkakataon na akuin sa lupa ang ginagawa mo at nilalayon. Gawin mong ang loobin namin ay matuon sa iyong pinagluluklukan sa Anak mo ngayon upang kaparis naming tao sa piling mo siya'y mamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen!

PAGWAWAKAS



P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin!

P—Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.) Pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay, si Kristo'y nagpakita sa kanyang mga disipulo. Sa pagpapakita niya bilang hukom, maging kalugud-lugod nawa kayo sa kanya.

B—Amen!

P—Nananampalataya kayong si Hesus ay naluluklok sa kanan ng Ama. Nawa malasap ninyo ang kagalakang siya'y kapiling ninyo hanggang sa wakas ng panahon.

B—Amen!

P—Nabubuhay kayong umaasa sa kaloob na Banal na Espiritu.

Maging bukas nawa ang inyong mga puso sa pagtanggap sa Kanya nang buong pagmamahal.

B—Amen!

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak,

at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B—Salamat sa Diyos!

Komunikasyon na Naglilingkod para sa Tunay na Kultura ng Pagtatagpo

• Papa Francisco

(Ilang mga mahahalagang banggit mula sa mensahe ni Papa Francisco sa ika-48 taon ng Araw ng Komunikasyong Pandaigdig)

“Sa global na hanay, makikita natin ang isang nakaka-iskandalong agwat sa sobrang kariwasaan ng mga mayayaman at ng pagdarahop ng mga mahihirap . . .”

“Ang ating mundo ay dumaranas ng iba't ibang uri ng eksklusyon, pagdarahop at kahirapan, hindi lamang ng mga salungatan na sanhi ng ekonomiya, politika, idelohiya, at nakakalungkot man, maging ng mga kadahilanang pang-relihiyon.”

“Sa mundong tulad nito, ang media ay makakatulong na paglapitin ang bawat isa, makalikha ng pagbubuo ng mga pamilya na maaaring makapagbigay ng inspirasyon na magkaisa at seryosong pagsusumikap para sa isang marangal na buhay para sa lahat.”

“Ang mga dingding na naghihiwalay sa atin ay maaaring pabagsakin kung tayo ay handang makinig at matuto sa bawat isa.”

“Ang panatilihing bukas ang mga pintuan ng ating mga simbahan ay nangangahulugang panatilihing bukas ang ating kapaligirang digital upang ang lahat, sa anumang katayuan ng buhay, ay maaaring makapasok, at upang ang Ebanghelyo ay makarating sa bawat isa. Tayo ay tinawag upang ipakita na ang Simbahan ay ang tahanan ng lahat.”

“Dapat tayong matutong makipag-usap sa bawat lalaki at babae ng ating panahon ngayon, upang maunawaan ang kanilang mga lunggati, pag-aalinlangan at pag-asa, at upang dalhin sa kanila ang Ebanghelyo, si Hesuskristo, ang Diyos na nagkatawang-tao, na namatay at muling nabuhay upang tayo ay iligtas sa kasalanan at kamatayan.”



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David, M. Navajas • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan